

## **EQUIPMENT RIDER SA PAGLILINIS NG TUBIG**

ANG EQUIPMENT RIDER SA PAGLILINIS NG TUBIG NA ITO ay ginawa ngayong ika \_\_\_\_\_ araw ng \_\_\_\_\_ 20\_\_\_, at isinasama sa at dapat ituring na amyendahan at dagdagan ang Kasulatan ng Pagtitiwala ng Sangla o Kasulatan ng Seguridad ("Instrumento ng Seguridad") ng parehong petsa na ibinigay ng lumagda sa ilalim ("Borrower") upang maseguro ang Tala ng Borrower ("Note") sa \_\_\_\_\_ ("Lender") ng parehong petsa at sumasaklaw sa ari-arian na inilarawan sa Instrumento ng Seguridad at matatagpuan sa:

[Address ng Ari-arian]

**KARAGDAGANG MGA SUMPAAN.** Bilang karagdagan sa mga sumpaang kasunduan na ginawa sa Instrumento ng Seguridad, higit na nagsusumpaang at sumasang-ayon ang Borrower at Lender sa sumusunod:

Dapat isama ng borrower sa bawat buwanang pagbabayad, kasama ang mga item na inilarawan sa Paragraph 3 ng Instrumento ng Seguridad, ang halagang hahawakan ng Lender para tiyakin ang wastong pagseserbisyo, pagpapanatili, pagkukumpuni at pagpapalit ng indibidwal na kagamitan sa paglilinis ng tubig sa tirahan para sa Ari-arian. Ang bawat buwanang halaga ay dapat kapantay ng \$\_\_\_\_\_, maliban kung at hanggang sa maisaayos ng Lender ang halaga gaya ng ibinigay dito.

Hindi bababa sa taun-taon, dapat tukuyin ng Lender kung kinakailangan ang anumang pagsasaayos upang matiyak na maiipon ang sapat na pondo para makagawa ng mga inaasahang pagbabayad sa napapanahong paraan, at ipaalam sa Borrower ang anumang pagsasaayos. Isasagawa ang pagpapasya na ito nang walang pagsasaalang-alang sa iba pang mga bagay kung saan pinapanatili ng Lender ang isang escrow account tulad ng mga buwis at mga premium ng seguro sa panganib.

Ipinunin ng lender ang mga natanggap na halaga mula sa Borrower na hahawakan sa tiwala hanggang sa kailangan ang mga disbursement tulad ng sumusunod:

1. Mahigpit na limitado ang mga pagbabayad mula sa account sa mga gastos na nauugnay sa normal na pagseserbisyo, pagpapanatili, pag-aayos at pagpapalit ng kagamitan sa paglilinis ng tubig.
2. Dapat gawin lamang ang mga disbursement para sa [organisasyon ng pagpapanatili na pinangalanan sa kontrata ng serbisyo] o kahalili nito, [ahente na inaprubahan ng lokal na awtoridad para magsagawa ng pagsubok o iba pang mga serbisyo sa ngalan nito], [iba pang mga nagbabayad na pinangalanan sa Plano.]
3. Dapat gawin ang mga disbursement sa kahilingan ng borrower na sinusuportahan ng mga gastos sa dokumentasyon. Kung ibibigay ng Borrower sa Lender ang buong pagbabayad ng lahat ng halagang sinigurado ng Instrumento ng Seguridad na ito, o kung hindi na kailangan ang kagamitan dahil sa pagbabago ng pinagmumulan ng tubig, o kaagad bago ang isang foreclosure sale ng Ari-arian o ang pagkuha nito ng Lender, dapat i-kredito ang account ng Borrower sa natitirang balanse mula sa mga halagang naipon ng lender sa ilalim ng mga karagdagan sumpaang sa Equipment Rider ng Paglilinis ng Tubig, at dapat na agad na i-refund ng lender ang anumang labis na pondo sa Borrower.

SA PAMAMAGITAN NG PAGLAGDA SA IBABA, tinatanggap at sumasang-ayon ang Borrower sa mga tuntunin at probisyon sa Equipment Rider ng Paglilinis ng Tubig na ito.

\_\_\_\_\_ (SELYO)  
Borrower

\_\_\_\_\_ (SELYO)  
Borrower

[IDAGDAG NG ANUMANG MAHALAGA NA MGA  
PROVISYON NG PAGKAKATAON.]